ARALIN 67

1. Sa hardin ng Getsemani, nagsimulang manalangin si Jesus, habang Siya ay lubhang nababagabag. Bakit lubhang nabagabag si Jesus?
-Dahil alam ni Jesus na ang pagdurusa na kahaharapin Niya ay higit na kakila-kilabot kaysa sa sinumang nagdusa.

2. Sino ang nanguna sa pulutong ng mga lalaking armado ng mga espada at pamalo upang arestuhin si Jesus?
-Si Judas.

3. Sino ang nanguna kay Judas para dakpin si Jesus?
-Si Satanas.

4. Sa mga araw na ito, sino ang pinamumunuan ni Satanas?
-Lahat ng taong tumatangging maniwala kay Jesus bilang Tagapagligtas ay pinamumunuan ni Satanas.

5. Bakit tumakas ang lahat ng mga disipulo ni Jesus?
-Ang mga disipulo ay natakot at hindi naunawaan kung bakit dinakip si Jesus.

6. Ano ang hindi naintindihan ng mga disipulo?
-Hindi naunawaan ng mga disipulo kung paano magiging Tagapagligtas si Jesus kung Siya ay dinakip at papatayin.

7. Saan dinala si Jesus ng mga lalaking dumakip sa Kanya?
-Dinala si Jesus ng mga lalaking dumakip sa mataas na saserdote.

8. Bakit walang nakitang mali kay Jesus ang mga pinunong Judio?
-Dahil si Jesus ay walang ginawang masama.



-Dahil hindi nagkasala si Jesus.

9. Nang makipag-usap ang mataas na saserdote kay Jesus at tinanong Siya kung Siya ba ang Kristo, ang Anak ng Diyos, ano ang isinagot ni Jesus?
-Sumagot si Jesus at sinabi, “Ako nga. At makikita ninyo ang Anak ng Tao na nakaupo sa kanan ng Iisang Makapangyarihan at dumarating na nasa mga alapaap ng langit.”

10. Bakit sinabi ng mataas na saserdote na kailangang patayin si Jesus?
-Sinabi ng punong saserdote na isinumpa ni Jesus ang Diyos.

11. Sinumpa ba ni Jesus ang Diyos?
-Hindi.

-Pagkatapos na hatulan ng punong saserdote at ng mga pinunong Judio si Jesus ng kamatayan, dinala Siya nila kay Pilato.

Basahin natin ang Marcos 15:1

1- Kinaumagahan, nagsanggunian kaagad ang mga punong pari kasama ang matatanda at mga eskriba at ang buong Sanhedrin. Ginapos nila si Jesus, inilabas at ibinigay kay Pilato.

-Sino si Pilato?

-Si Pilato ang pinuno ng Judea na hinirang ni Cesar, ang haring Romano.

-Upang mapatay ng mga Judio si Jesus, kailangan nila ang pahintulot mula kay Pilato.

-Nang si Jesus ay dinala kay Pilato, si Pilato ay nagtanong kay Jesus.

Basahin natin ang Marcos 15:2

2-Tinanong siya ni Pilato, "Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?" Sumagot siya sa kanya, "Ikaw ang nagsasabi."

-Bakit sinabi ni Jesus na Siya ay hari ng mga Judio?

-Dahil si Jesus ay lahi ni Haring David.

Basahin natin ang Marcos 15:3-5

3-Pinaratangan siya ng mga punong pari ng maraming bagay.
4-Muli siyang tinanong ni Pilato, "Wala ka bang isasagot? Tingnan mo kung gaano karami ang kanilang ibinibintang laban sa iyo."
5-Ngunit si Jesus ay hindi sumagot ng anuman, anupa't nanggilalas si Pilato.

-Kahit ang mga tao ay nag-akusa kay Jesus ng hindi totoo, si Jesus ay tahimik at hindi nagsasalita.

-Tulad ng sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta maraming taon na ang nakalilipas, ang Tagapagligtas ay tatahimik kapag Siya ay inakusahan ng mali.

-Sa panahon ng kapistahan ng Paskuwa, kaugalian ni Pilato na palayain ang isang bilanggo sa mga Judio.



-Kaya nga, tinanong ni Pilato ang mga Judio kung gusto nilang palayain niya si Jesus.

Basahin natin ang Marcos 15:6-11

6- Sa bawat kapistahan ay nakaugalian na niyang pawalan sa kanila ang isang bilanggo na kanilang hilingin.
7-Mayroong isa na kung tawagin ay Barabas, na nakakulong kasama ng mga manghihimagsik na sa panahon ng paghihimagsik ay pumatay ng tao.
8-Kaya't lumapit ang karamihan at nagpasimulang hilingin sa kanya na sa kanila'y gawin ang ayon sa kanyang nakaugalian.
9-Sinagot naman sila ni Pilato, "Ibig ba ninyong pawalan ko sa inyo ang Hari ng mga Judio?"
10-Sapagkat batid niya na dahil sa inggit ay ipinadakip siya ng mga punong pari.
11-Ngunit inudyukan ng mga punong pari ang taong-bayan na sa halip ay palayain niya si Barabas para sa kanila.

-Alam ni Pilato na inaresto si Jesus ng mga pinunong Judio dahil naiinggit sila sa Kanya.

-Samakatuwid, umaasa si Pilato na pipiliin ng mga Judio na palayain si Jesus.

-Sa halip, hinimok ng punong saserdote ang karamihan na palayain ni Pilato si Barabas, isang mamamatay-tao, sa halip na si Jesus.

-Pagkatapos, nagtanong si Pilato sa mga Judio.

Basahin natin ang Marcos 15:12-14

12-Ngunit muling sumagot si Pilato at sa kanila'y sinabi, "Ano ngayon ang nais ninyong gawin ko sa tinatawag ninyong Hari ng mga Judio?"

13-At sila'y muling nagsigawan, "Ipako siya sa krus."

14-Ngunit sinabi sa kanila ni Pilato, "Bakit, anong kasamaan ang kanyang ginawa?" Subalit sila'y lalong nagsigawan, "Ipako siya sa krus."

-Kahit na si Jesus ay walang ginawang mali, ang karamihan ay napopoot kay Jesus at nais na si Jesus ay ipako sa krus.

-Tulad ng sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta maraming taon na ang nakalipas, ang Tagapagligtas ay kapopootan ng walang dahilan.

-Nais ng mga tao na ipako si Jesus sa krus.

-Ano ang pagpapako sa krus?

-Ito ay pagpapako ng mga kamay at paa ng isang tao sa isang krus, at iniiwan sila sa krus hanggang sa sila ay mamatay.

-Ang pagpapako sa krus ay ang pinakamasamang anyo ng kamatayan na ginamit ng mga Romano upang patayin ang pinakamasamang uri ng mga kriminal.

-Pagkatapos, iniutos ni Pilato na hagupitin si Jesus.

Basahin natin ang Marcos 15:15



15-At sa pagnanais ni Pilato na bigyang-kasiyahan ang taong-bayan, pinalaya si Barabas para sa kanila. Pagkatapos na ipahagupit si Jesus, siya'y ibinigay niya upang ipako sa krus.

-Nang hinagupit ng mga Romano ang isang tao, gumagamit sila ng latigo na maraming ngipin at may mga pirasong matutulis na metal at buto na nakatali.

-Kapag hinagupit ng mga Romano ang isang tao, nagkakasugat-sugat ang kanilang mga likod kaya madalas sila ay namamatay.

-Pagkatapos hagupitin si Jesus, kinutya Siya ng mga kawal.

Basahin natin ang Marcos 15:16-20

16-Pagkatapos ay dinala siya ng mga kawal sa bulwagan na siyang Pretorio; At kanilang tinipon ang buong batalyon.

17-Siya'y kanilang dinamitan ng kulay-ube, at nang makapagtirintas ng isang koronang tinik ay ipinutong nila ito sa kanya.

18-At pinasimulan nilang pagpugayan siya, "Mabuhay, Hari ng mga Judio!"

19-Hinampas nila ang kanyang ulo ng isang tungkod, dinuraan siya at lumuhod sa harapan niya.

20-Pagkatapos na siya'y kanilang libakin, inalis nila sa kanya ang kulay-ube na balabal at isinuot sa kanya ang kanyang mga damit. At siya'y kanilang inilabas upang ipako sa krus.

-Hinagupit ng mga kawal si Jesus at dinuraan Siya.

-Tulad ng sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta maraming taon na ang nakararaan, ang Tagapagligtas ay hahampasin at luluraan.

-Dahil iginagalang ng mga tao ang mga hari sa pamamagitan ng pagluhod sa harap nila, kinutya ng mga kawal si Jesus sa pamamagitan ng pagluhod sa Kanyang harapan.

-Dahil ang mga hari ay nagsusuot ng kulay ube, kinukutya ng mga kawal si Jesus sa pamamagitan ng pagbibihis sa kanya ng mga damit na kulay-ube.

-Dahil ang mga hari ay nakasuot din ng mga koronang ginto sa kanilang mga ulo, kinutya ng mga kawal si Jesus sa pamamagitan ng paglalagay ng koronang tinik sa Kanyang ulo.

-Tulad ng sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta maraming taon na ang nakararaan, ang Tagapagligtas ay kukutyain.

-Ano ang tanda ng koronang tinik?
-Ang koronang tinik ay tanda ng sumpa ng Diyos.

-Nang magkasala sina Adan at Eba, isinumpa ng Diyos ang lupa at sinabing tutubuan ito ng mga tinik.

-Nang ilagay ng mga kawal ang koronang tinik sa ulo ni Jesus, ano ang tanda nito?

-Isang tanda na dadalhin ni Jesus ang sumpa ng Diyos.

Basahin natin ang Marcos 15:21-22



21-Pinilit nila ang isang nagdaraan, si Simon na taga-Cirene, na ama ni Alejandro at ni Rufo, na nanggaling sa bukid, upang pasanin niya ang krus ni Jesus
22-Siya'y kanilang dinala sa pook na tinatawag na Golgota na ang kahulugan ay 'Ang pook ng bungo.'

-Pagkatapos, dinala ng mga kawal si Jesus sa isang burol na tinatawag na Golgota sa labas ng Jerusalem upang ipako Siya sa krus.

-Sa burol, inilagay ng mga sundalo ang krus sa lupa, at pagkatapos ay inilagay si Jesus sa ibabaw ng krus.

-Pagkatapos, ipinako ng mga sundalo ang mga kamay ni Jesus sa tuktok ng krus at ang Kanyang mga paa sa ilalim ng krus gamit ang mga pako.

-Tulad ng sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta maraming taon na ang nakararaan, ang mga kamay at paa ng Tagapagligtas ay mabubutas.

-Nang matapos ang mga kawal, itinaas nila ang krus na ipinako dito ni Jesus sa isang tuwid na posisyon.

-Naaalala mo ba ang sinabi ni Jesus kay Nicodemo?

-Sinabi ni Jesus na kung paanong itinaas ni Moises ang ahas sa isang poste upang ang mga tao ay maligtas, gayon din ang Tagapagligtas ay itaas upang ang mga tao ay maligtas.

Basahin natin ang Marcos 15:23-24

23-At siya'y binigyan nila ng alak na hinaluan ng mira, ngunit hindi niya tinanggap iyon.

24-Siya'y kanilang ipinako sa krus, at pinaghati-hatian ang kanyang mga damit na kanilang pinagsapalaran, kung alin ang kukunin ng bawat isa.

-Ilang babae ang nag-alok kay Jesus ng alak na hinaluan ng mira upang makatulong na mapawi ang sakit, ngunit tumanggi si Jesus.

-Ang mga kawal na nagpako kay Jesus sa krus ay nagsugal upang hatiin ang damit ni Jesus para sa kanila.

-Tulad ng sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta maraming taon na ang nakararaan, sila ay magsusugal para sa mga damit ng Tagapagligtas.

Basahin natin ang Marcos 15:25-27

25-Noo'y ikasiyam ng umaga nang siya'y kanilang ipinako sa krus.

26-At ang pamagat ng pagkasakdal sa kanya ay isinulat sa ulunan, "Ang Hari ng mga Judio."

27-At ipinako sa krus na kasama niya ang dalawang tulisan; isa sa kanan, at isa sa kanyang kaliwa.

-Dalawa pang lalaki ang ipinako sa krus kasama ni Jesus, isa sa Kanyang kanan at isa sa Kanyang kaliwa.

-Sila ay masasamang tao.



-Tulad ng sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta maraming taon na ang nakararaan, ang Tagapagligtas ay mamamatay kasama ng masasamang tao.

Basahin natin ang Marcos 15:29-32

29-Siya'y nilait ng mga nagdaraan, na umiiling at sinasabi, "Ah! ang gigiba sa templo at magtatayo nito sa loob ng tatlong araw,

30-Iligtas mo ang iyong sarili at bumaba ka sa krus."

31-Gayundin naman ang mga punong pari, kasama ng mga eskriba ay nilibak siya na sinasabi sa isa't isa, "Iniligtas niya ang iba; hindi niya mailigtas ang kanyang sarili.

32-Bumaba ngayon mula sa krus ang Cristo, ang Hari ng Israel upang aming makita at paniwalaan." At tinutuya rin siya ng mga kasama niyang nakapako sa krus.

-Sinabi ni Jesus na kung sisirain ng mga Judio ang templo, ibabangon itong muli ni Jesus sa loob ng tatlong araw.

-Si Jesus ba ay nagsasalita tungkol sa templong bato na itinayo ng mga Judio sa Jerusalem?

-Hindi.

-Anong templo ang tinutukoy ni Jesus?

-Si Jesus ay nagsasalita tungkol sa Kanyang katawan.

-Sinasabi ni Jesus na kahit na patayin Siya ng mga Judio sa pamamagitan ng pagpapako sa Kanya sa krus, Siya ay babangon sa loob ng tatlong araw.

Basahin natin ang Marcos 15:33

33-Nang dumating ang tanghaling tapat, nagdilim sa buong lupain hanggang sa ikatlo ng hapon.

-Bakit nagkaroon ng kadiliman sa buong kalupaan sa loob ng tatlong oras?

-Ang tatlong oras na kadiliman ay isang tanda.

-Ano ang tanda ng tatlong oras ng kadiliman sa buong lupain?
-Iniwan ng Diyos Ama si Jesus sa krus.

Basahin natin ang Marcos 15:34

34-Nang ikatlo ng hapon ay sumigaw si Jesus nang may malakas na tinig, "Eloi, Eloi, lama sabacthani?" na ang kahulugan ay, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?"

-Nang iwan ng Diyos Ama si Jesus sa krus, sumigaw si Jesus.

-Bakit pinabayaan ng Diyos Ama si Jesus?

-Si Jesus ba ay gumawa ng anumang mali?
-Hindi.

-Kung gayon bakit pinabayaan ng Diyos Ama si Jesus?

-Pinarurusahan ng Diyos Ama si Jesus para sa iyong mga kasalanan, aking mga kasalanan, at mga kasalanan ng lahat ng tao.



-Dahil pinarurusahan ng Diyos Ama si Jesus para sa ating mga kasalanan, pinabayaan ng Diyos Ama si Jesus sa krus.

-Sa Hardin ng Eden, ano ang sinabi ng Diyos na mangyayari kina Adan at Eba kung kakainin nila ang prutas na ipinag-utos ng Diyos sa kanila na huwag kainin?

-Sila at mamamatay.

-Dahil nagkasala sina Adan at Eba, namatay sila sa pagiging hiwalay sa Diyos.

-Ngayon, si Jesus ay nahiwalay sa Diyos Ama.

Basahin natin ang Marcos 15:35-36

35-Nang marinig ito ng ilang nakatayo roon, ay sinabi nila, "Tingnan ninyo, tinatawag niya si Elias."
36-Tumakbo ang isa, binasa ng suka ang isang espongha, inilagay sa isang tungkod, at ipinainom sa kanya na sinasabi, "Pabayaan ninyo; tingnan natin kung darating si Elias upang siya'y ibaba."

-Akala ng mga taong nanonood kay Jesus na mamatay sa krus ay tinatawag ni Jesus si Elias.

-Hindi tinawag ni Jesus si Elias.

-Si Jesus ay sumisigaw sa Diyos Ama.

-Bakit sumisigaw si Jesus sa Diyos Ama?

-Dahil pinabayaan ng Diyos Ama si Jesus, at ito ay isang kakila-kilabot na parusa.

-Gaano katagal nagsama ang Diyos Ama at si Jesus?
-Magpakailanman.

-Mayroon bang panahon na ang Diyos Ama at si Jesus ay hindi magkasama?
-Hindi.

-Dahil ito ang una at tanging pagkakataon na hindi magkasama ang Diyos Ama at si Jesus, sumigaw si Jesus.

-Ang mawalay sa Diyos Ama ay ang pinakamatinding parusa sa mundo.

Basahin natin ang Marcos 15:37

37-Si Jesus ay sumigaw nang malakas at nalagutan ng hininga.

-Namatay si Jesus sa krus.

-Pagkatapos mamatay ni Jesus, ano ang nangyari sa templo?

Basahin natin ang Marcos 15:38

38-Ang tabing ng templo ay nahati sa dalawa, mula sa itaas hanggang sa ibaba.

-Ano ang silbi ng kurtina sa templo?



-Ang kurtina ang naghihiwalay sa dalawang silid sa templo.

-Ang kurtina ang naghihiwalay sa Banal na Silid mula sa Kabanal-banalang Silid.

-Ano ang palatandaan ng kurtina?

-Ang kurtina ay tanda ng paghihiwalay sa pagitan ng Diyos at ng tao.

-Bakit pinaghiwalay ang Diyos at ang tao?

-Dahil sa ating kasalanan.

-Dahil sa ating kasalanan, ang Diyos at ang tao ay nagkahiwalay, at walang sinuman ang nakapasok sa Kabanal-banalang Silid maliban sa punong saserdote nang isang beses lamang sa isang taon.

-Sino ang pumunit ng kurtina sa dalawa mula sa itaas hanggang sa ibaba?

-Ang Diyos.

-Bakit pinunit ng Diyos ang kurtina sa dalawa?

-Pinunit ng Diyos sa dalawa ang kurtina upang ipakita na wala nang paghihiwalay sa pagitan ng Diyos at ng tao.

Basahin natin ang Marcos 15:39

39-Ang senturion na nakatayong malapit sa harap niya, nang makitang nalagot ang kanyang hininga sa ganitong paraan ay nagsabi, "Tunay na ang taong ito ay Anak ng Diyos."

-Nang makita ng senturion, na siyang pinuno ng isang daang kawal, ang pagkamatay ni Jesus, alam niya na si Jesus ang Diyos na Tagapagligtas.

Basahin natin ang Marcos 15:40-41

40-At mayroon din namang mga babae na nakatanaw mula sa malayo; Kabilang sa kanila ay si Maria Magdalena, si Mariang ina ni Santiago na mas bata at ni Jose, at si Salome;
41-Na nang siya'y nasa Galilea, ay sumunod sa kanya at naglingkod sa kanya; At marami pang ibang mga babae na umahong kasama niya sa Jerusalem.

-Ang mga babaeng ito ay ang mga babaeng naniwala sa Diyos, at alam na si Jesus ang Diyos na Tagapagligtas.

Basahin natin ang Marcos 15:42-46

42-Nang magtakip-silim na, sapagkat noon ay araw ng Paghahanda, ang araw bago ang Sabbath,
43-Si Jose na taga-Arimatea, isang marangal na kagawad, na naghihintay rin ng kaharian ng Diyos ay may katapangang pumunta kay Pilato at hiningi ang bangkay ni Jesus.
44-At nagtaka si Pilato na siya'y patay na. Ipinatawag niya ang senturion at itinanong niya sa kanya kung patay na nga siya.
45-Nang malaman niya sa senturion, ipinagkaloob niya ang bangkay kay Jose.



46-At bumili si Jose ng isang telang lino at pagkababa sa kanya sa krus ay binalot siya ng telang lino at inilagay siya sa isang libingan na hinukay sa isang bato. At iginulong niya ang isang bato sa pintuan ng libingan.

-Si Jose ng Arimatea ay isang mayaman na naniwala na si Jesus ang Diyos na Tagapagligtas.

-Pagkatapos na mamatay ni Jesus, pumunta si Jose kay Pilato at hiniling na ilibing ang bangkay ni Jesus.

-Pagkatapos, kinuha ni Jose ang katawan ni Jesus at inilibing ito sa kanyang libingan.

-Tulad ng sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta maraming taon na ang nakalilipas, ang Tagapagligtas ay inilibing kasama ng mayayaman.